Allāhumma, laka aslamtu, wa-bika āmantu, wa-`alayka tawakkaltu, wa-ilayka anabtu, wa-bika khāṣamtu. Allāhumma, innī a`ūdhu bi-`izzatika, lā ilāha illā anta, an tuḍillanī. Anta -lḥayyu -lladhī lā yamūtu wa-ljinnu wa-l'insu yamūtūn." (O Allāh, sa Iyo ako nagpasakop, sa Iyo ako sumampalataya, sa Iyo ako nanalig, sa Iyo ako nagsisising nagbalik, at dahil sa Iyo ako nakipagtalo. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa kapangyarihan Mo – walang Diyos kundi Ikaw – na magpaligaw Ka sa akin. Ikaw ang Buhay na hindi namamatay samantalang ang jinn at ang tao ay namamatay.)"}

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi noon: "Allāhumma, laka aslamtu, wa-bika āmantu, wa-`alayka tawakkaltu, wa-ilayka anabtu, wa-bika khāṣamtu. Allāhumma, innī a`ūdhu bi-`izzatika, lā ilāha illā anta, an tuḍillanī. Anta -lḥayyu -lladhī lā yamūtu wa-ljinnu wa-l'insu yamūtūn." (O Allāh, sa Iyo ako nagpasakop, sa Iyo ako sumampalataya, sa Iyo ako nanalig, sa Iyo ako nagsisising nagbalik, at dahil sa Iyo ako nakipagtalo. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa kapangyarihan Mo – walang Diyos kundi Ikaw – na magpaligaw Ka sa akin. Ikaw ang Buhay na hindi namamatay samantalang ang jinn at ang tao ay namamatay.)"}
[Tumpak] [Napagkasunduan sa katumpakan nito. Ito ay pagkakasambit ni Imām Muslim. Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy sa pinaiksing paraan]

Kabilang noon sa panalangin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya noon ay nagsasabi ng: "O Allāh, sa Iyo ako nagpasakop" at nagpaakay, "sa Iyo ako sumampalataya," naniwala, at kumilala, "sa Iyo ako nanalig," nagpaubaya, at sumalig, "sa Iyo ako nagsisising nagbalik," nanumbalik, at tumuon, "at dahil sa Iyo ako nakipagtalo" at nakipangatwiran sa mga kaaway Mo. "O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop" at dumudulog "sa kapangyarihan Mo," tibay Mo, at pananaig Mo, "– walang Diyos kundi Ikaw –" at walang sinasamba ayon sa karapatan maliban sa Iyo, "na magpaligaw Ka sa akin" palayo sa kapatnubay at pagkatuon sa pagkalugod Mo. "Ikaw ang Buhay na hindi namamatay" at hindi napupuksa "samantalang ang jinn at ang tao ay namamatay."